  - Kapag kukuha kayo ng pansamantalang supply ng isang gamot, makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa kung ano ang dapat gawin kapag naubos ang inyong pansamantalang supply. Maaari kayong lumipat sa ibang gamot na sinasaklaw ng aming plano o hilingin sa amin na gumawa ng pagbubukod para sa inyo at saklawin ang kasalukuyan ninyong gamot. Para malaman ang dapat ninyong gawin para humiling ng pagbubukod, sumangguni sa Kabanata 9, seksyon F ng 2023 Handbook ng Miyembro o tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.
    - Kung mahigit sa 90 araw na kayong kabilang sa plano at nakatira kayo sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, sasaklawin namin ang isang beses na 31 araw na supply, o mas kaunti kung mas kaunting araw ang inireseta sa inyo. Bukod pa ito sa supply para sa paglipat sa pangmatagalang pangangalaga.
    - Kung lilipat kayo sa bahay mula sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o ospital, sasaklawin namin ang 30 araw na supply, o mas kaunti kung para sa mas kaunting araw ang ibinigay sa inyong reseta (kung

---

**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



saan papahintulutan lang namin ang mga muling pagpupuno para magbigay ng hanggang sa kabuuang 30 araw na supply ng gamot).

- Kung lilipat kayo sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga mula sa bahay o ospital, sasaklawin namin ang 31 araw na supply, o mas kaunti kung para sa mas kaunting araw ang ibinigay sa inyong reseta (kung saan papahintulutan lang namin ang mga muling pagpupuno para magbigay ng hanggang sa kabuuang 31 araw na supply ng gamot). Kailangan ninyong punuin ang inireresetang gamot sa isang parmasya na nasa network.
- Ang ilang pagbubukod sa Listahan ng Gamot ay sasaklawin pa rin sa susunod na taon. Sumangguni sa sulat ng pag-apruba na natanggap ninyo. Kasama sa sulat ng pag-apruba ang impormasyon tungkol sa inyong mga partikular na limitasyon sa pag-apruba ng gamot at ang petsa kung kailan magtatapos ang saklaw sa gamot. Kung magpapasya kaming huwag i-renew ang pag-apruba sa inyo, magpapadala kami sa inyo ng bagong sulat sa loob ng hindi bababa sa 60 araw bago ang katapusan ng taon. Kasama sa sulat na ito kung kailan magtatapos ang partikular na pag-apruba sa pagbubukod sa gamot at kung paano hihiling ng pagbubukod. Para malaman ang dapat ninyong gawin para humiling ng pagbubukod, sumangguni sa Kabanata 9, seksyon F ng 2023 Handbook ng Miyembro o tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.

### **Mga pagbabago sa mga gastos sa inireresetang gamot**

**Inilipat namin ang ilang gamot sa Listahan ng Gamot sa mas mababa o mas mataas na tier ng gamot.** Kung magpapalipat-lipat ang inyong mga gamot mula sa isang tier papunta sa isa pa, posible itong makaapekto sa inyong copay. Para malaman kung ang inyong mga gamot ay nasa ibang tier, hanapin ang mga ito sa Listahan ng Gamot.

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang mga gastos ninyo para sa lahat ng saklaw na Part D na gamot.

---

**Kung may mga tanong kayo,** pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
<p><b>Lahat ng Saklaw na Part D na Gamot</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng saklaw na Part D na gamot na kinuha sa isang parmasya ng network</p> <p>Inaprubahan ng Medicare ang Wellcare by Health Net na magbigay ng mas mabababang copayment/co-insurance bilang bahagi ng Value-Based Insurance Design program. Sa pamamagitan ng programang ito, nakakasubok ng mga bagong paraan ang Medicare para mapahusay ang mga Medicare Advantage plan.</p>	<p>Mga Tier 1 na Gamot:</p> <p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0 - \$3.95 kada reseta.</b></p> <p>Mga Tier 2 na Gamot:</p> <p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0 - \$9.85 kada reseta.</b></p> <p>Mga Tier 3 na Gamot:</p> <p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0 kada reseta.</b></p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0 kada reseta.</b></p>

## Mga administratibong pagbabago

	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
<b>Mababago ang inyong plano</b>	Kasalukuyan kayong miyembro ng Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan).	Isa kayong miyembro ng Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) at mga Health Net Medi-Cal Plan.

## G. Pagpili ng plano

### G1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kaming mapanatili kayong miyembro ng plano. Wala kayong kailangang gawin para manatili sa aming plano. Kung **hindi** kayo magpapatala sa ibang Medicare na plano o lilipat sa Original Medicare, awtomatiko kayong mananatiling nakatala bilang miyembro ng aming plano para sa 2023.

**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



## G2. Pagpapalit ng plano

Maaaring wakasan ng karamihan ng taong may Medicare ang kanilang membership sa ilang partikular na panahon ng taon. Dahil mayroon kayong Medi-Cal, maaari ninyong wakasan ang inyong membership sa aming plano o lumipat sa ibang plano nang isang beses sa bawat sumusunod na **Panahon ng Espesyal na Pagpapatala**:

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

Bukod pa sa tatlong panahong ito ng Espesyal na Pagpapatala, puwede ninyong tapusin ang inyong membership sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

- Ang **Taunang Panahon ng Pagpapatala** na tumatagal mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili kayo ng bagong plano sa panahong ito, magtatapos ang inyong membership sa aming plano sa Disyembre 31 at magsisimula ang inyong membership sa bagong plano sa Enero 1.
- Ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala ng Medicare**, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili kayo ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang inyong membership sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.

Posibleng may iba pang sitwasyon kung kailan kayo kuwalipikadong magsagawa ng pagbabago sa inyong pagpapatala. Halimbawa:

- Umalis kayo sa aming sineserbisyuhang lugar,
- Nabago ang pagiging kuwalipikado ninyo para sa Medi-Cal o Karagdagang Tulong, o
- Kung kakalipat lang ninyo, kung kasalukuyan kayong inaalagaan, o kung kakalabas lang ninyo sa isang nursing home o ospital ng pangmatagalang pangangalaga.

### Ang inyong mga serbisyo sa Medicare

Mayroon kayong tatlong opsyon para makakuha ng mga serbisyo ng Medicare. Sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyong ito, awtomatiko ninyong tatapusin ang inyong membership sa aming plano.

---

**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



<p><b>1. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Iba pang planong pangkalusugan ng Medicare</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.</p> <p>Para sa mga tanong tungkol sa PACE, tumawag sa 1-855-921-PACE (7223).</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, mangyaring bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs and Services/Medicare Counseling/</a>.</li> </ul> <p>○</p> <p>Magpatala sa bagong Medicare na plano.</p> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming Medicare na plano kapag nagsimula na ang inyong pagsaklaw sa bagong plano.</p> <p>Puwedeng mabago ang inyong Medi-Cal plan.</p>
---	---



**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.

<p><b>2. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na may hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, mangyaring bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs and Services/Medicare Counseling/</a>.</li></ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpatala sa isang bagong plano sa inireresetang gamot ng Medicare.</p> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang inyong pagsaklaw sa Original Medicare.</p> <p>Hindi mababago ang inyong Medi-Cal plan.</p>
---	--



**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



<p><b>3. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na walang hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot</b></p> <p><b>TANDAAN:</b> Kung lilipat kayo sa Original Medicare at hindi magpapatala sa isang hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot, maaari kayong ipatala ng Medicare sa isang plano ng gamot, maliban kung sasabihin ninyo sa Medicare na ayaw ninyong sumali.</p> <p>Dapat lang ninyong tanggalin ang pagsaklaw sa inireresetang gamot kung mayroon kayong pagsaklaw sa gamot mula sa ibang mapagkukunan, gaya ng employer o unyon. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung kailangan ninyo ng pagsakop sa gamot, tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, mangyaring bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs and Services/Medicare Counseling/</a>.</p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Tumawag sa (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, mangyaring bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs and Services/Medicare Counseling/</a>.</li> </ul> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang inyong pagsaklaw sa Original Medicare.</p> <p>Hindi mababago ang inyong Medi-Cal plan.</p>
--	---

### Ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano makukuha ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal pagkatapos ninyong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077. Itanong kung paano makakaapekto ang pagsali sa ibang plano o pagbalik sa Original Medicare sa pagkuha ninyo ng inyong saklaw sa Medi-Cal.



**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.

## Paghingi ng tulong

### H1. Aming plano

Narito kami para tumulong kung mayroon kayong anumang tanong. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina sa mga nakalistang araw at oras na bukas. Libre ang mga tawag na ito.

#### **Basahin ang inyong *Handbook ng Miyembro***

Ang inyong *Handbook ng Miyembro* ay isang legal at detalyadong paglalarawan ng mga benepisyo ng aming plano. May mga detalye ito tungkol sa mga benepisyo at gastos para sa 2023. Ipinapaliwanag nito ang inyong mga karapatan at panuntunang kailangan ninyong sundin upang makakuha ng mga saklaw na serbisyo at inireresetang gamot.

Ang *Handbook ng Miyembro* para sa 2023 ay magiging available sa Oktubre 15. Available ang updated na kopya ng *Handbook ng Miyembro* sa aming website sa <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>. Puwede rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para humiling sa amin na magpadala sa inyo ng *Handbook ng Miyembro* para sa 2023.

#### **Ang aming website**

Puwede ninyong bisitahin ang aming website sa <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>. Bilang paalala, ang aming website ay naglalaman ng pinakabagong impormasyon tungkol sa aming network ng tagapagkaloob at parmasya (*Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya*) at aming Listahan ng Gamot (*Listahan ng mga Saklaw na Gamot*).

### H2. Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP)

Maaari rin ninyong tawagan ang Programa ng Tulong sa Insurance sa Kalusugan ng Estado (SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP). Matutulungan kayo ng mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang inyong mga mapagpipilian sa plano at masagot ang mga tanong tungkol sa pagpapalit ng mga plano. Ang HICAP ay walang koneksiyon sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Sinanay ng HICAP ang mga tagapayo sa bawat county, at libre ang mga serbisyo. Ang numero ng telepono ng HICAP ay 1-800-434-0222. Para sa higit pang impormasyon o para humanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang [www.aging.ca.gov/Programs\\_and\\_Services/Medicare\\_Counseling/](http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/).

---

**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



### H3. Ombuds Program

Makakatulong sa inyo ang Health Consumer Alliance Ombuds Program kung may problema kayo sa aming plano. Libre ang mga serbisyo ng ombudsman at available ang mga ito sa lahat ng wika. Ginagawa ng Health Consumer Alliance Ombuds Program ang mga sumusunod:

- Kumikilos bilang tagapagtaguyod sa inyong ngalan. Magagawa nitong magsagot ng mga tanong kung mayroon kayong problema o reklamo at matutulungan kayong maunawaan ang dapat gawin.
- Tiyaking mayroon kayong impormasyong nauugnay sa inyong mga karapatan at proteksyon at kung paano ninyo maresolba ang inyong mga alalahanin.
- Ay hindi nauugnay sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono ng Health Consumer Alliance Ombuds Program ay 1-888-804-3536.

### H4. Medicare

Para direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare, tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

#### Website ng Medicare

Maaari ninyong bisitahin ang website ng Medicare ([www.medicare.gov](http://www.medicare.gov)). Kung pipiliin ninyong umalis sa pagkakatala sa aming plano at magpatala sa ibang Medicare na plano, ang website ng Medicare ay may impormasyon tungkol sa mga gastos, pagsaklaw, at rating ng kalidad upang tulungan kayong paghambingin ang mga plano.

Makakahanap kayo ng impormasyon tungkol sa mga Medicare na plano na available sa inyong lugar sa pamamagitan ng Medicare Plan Finder sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa [www.medicare.gov](http://www.medicare.gov) at I-click ang “Maghanap ng mga plano.”)

#### **Medicare at Ikaw 2023**

Maaari ninyong basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw 2023*. Taon-taon tuwing taglagas, ipinapadala ang booklet na ito sa mga taong may Medicare. Mayroon itong mga buod ng mga benepisyo, karapatan, at proteksyon ng Medicare, at mayroon itong mga sagot sa mga pinakamadalas itanong tungkol sa Medicare. Available din ang handbook sa Spanish, Chinese, at Vietnamese.

Kung wala kayong kopya ng booklet na ito, maaari ninyo itong makuha sa website ng Medicare ([www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf](http://www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf)) o sa pamamagitan ng pagtawag sa

---

**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.



1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

## **H5. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California**

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang responsable sa pagkontrol sa mga plano sa serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Makakatulong sa inyo ang DMHC Help Center sa mga apela at reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Kung may reklamo kayo laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna ninyong tawagan ang inyong planong pangkalusugan sa 1-800-431-9007 (TTY: 711) at gamitin ang proseso sa karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Sa pagitan ng Oktubre 1 at Marso 31, available ang mga representative Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Sa pagitan ng Abril 1 at Setyembre 30, available ang mga representative Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Ang paggamit sa prosesong ito ng karaingan ay hindi magbabawal sa inyo sa anumang potensyal na legal na karapatan o remedyong maaaring available para sa inyo. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan kaugnay ng isang emerhensiya, isang karaingang hindi nakasisiyang niresolba ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw, maaari ninyong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari rin kayong maging kwalipikado sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review o IMR). Kung karapat-dapat kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng iminungkahing serbisyo o paggamot, pagsaklaw para sa mga desisyon para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pinagkasunduan na pagbabayad para sa mga emerhensiya o agarang serbisyong medikal. Ang kagawaran ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono **(1-888-466-2219)** at linya ng TDD **(1877-688-9891)** para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng kagawaran na [www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov) ay may mga form para sa reklamo, form sa pag-apply sa IMR, at mga tagubilin online.



---

**Kung may mga tanong kayo**, pakitawagan ang Wellcare Dual Align 129 (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang <https://wellcare.healthnetcalifornia.com>.

## Abiso sa Walang Diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Wellcare by Health Net ang mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang Wellcare by Health Net ay hindi lumalabag sa batas na nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nagpapakita ng ibang pakikitungo sa kanila dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal.

Nagbibigay ang Wellcare by Health Net ng:

- Libreng tulong at mga serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang maging madali ang pakikipag-ugnayan nila sa amin, gaya ng:
  - Kwalipikadong mga interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon na nasa iba pang mga format (malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, iba pang mga format)
- Libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika

Kung kailangan niyo ang mga serbisyonang ito, makipag-ugnayan sa Wellcare by Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-431-9007**. Sa pagitan ng Oktubre 1 hanggang Marso 31, maaari ninyo kaming tawagan 7 araw sa isang linggo mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, maaari ninyo kaming tawagan Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Isang messaging system ang ginagamit sa mga oras na sarado, tuwing Sabado at Linggo, at sa mga araw na walang pasok ang federal. Kung ikaw ay hindi makarinig o makapagsalita ng maayos, mangyaring tumawag sa **TTY 711**. Kapag hiniling, ang dokumentong ito ay maaaring maging available sa iyo sa braille, malaking print, audiocassette, o elektronikong anyo. Para makakuha ng kopya ng isa sa alternatibong mga format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

Wellcare by Health Net

21281 Burbank Blvd.

Woodland Hills, CA 91367

**1-800-431-9007**

**TTY: 711**

## Paano Maghain ng Karaingan

Kung ikaw ay naniniwala na ang Wellcare by Health Net ay nabigo sa pagbigay ng mga serbisyonang ito o lumabag sa batas na nagtatanggihan sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal, maaari kang maghain ng karaingan sa Member Services. Maaari kang maghain ng karainga telepono, sa pagsulat, personal, o sa elektronikong paraan.

- **Sa Telepono:** Makipag-ugnayan sa Wellcare by Health Net's Civil Rights Coordinator sa pagtawag sa 1-866-458-2208. mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita ng maayos, mangyaring tumawag sa **TTY 711**.
- **:** Punan ang isang form ng reklamo o sumulat ng liham at ipadala sa:  
Wellcare Civil Rights Coordinator  
P.O. Box 9103  
Van Nuys, CA 91409-9103
- **Personal:** Bumisita sa opisina ng iyong doktor o ng Wellcare at sabihin na gusto mo maghain ng karaingan.
- **Elektronikong Pamamaraan:** Bumisita sa website ng Wellcare by Health Net sa [www.wellcare.com/healthnetCA](http://www.wellcare.com/healthnetCA).

## Office of Civil Rights – California Department of Health Care Services

Maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Rights telepono, sa pagsulat, o elektronikong pamamaraan:

- **Sa Telepono:** Tumawag sa **1-916-440-7370**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig ng maayos, tumawag sa **TTY 711 (Telecommunications Relay Service)**.

- **Sa Pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o ipadala ang sulat sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights

Department of Health Care Services

Office of Civil Rights

P.O. PO Box 997413, MS 0009

Sacramento, CA 95899-7413

Available ang mga form sa pagrereklamo sa [http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx)

- **Elektronikong Pamamaraan:** Magpadala ng email sa **CivilRights@dhcs.ca.gov**. **Office of Civil Rights – U.S. Department of Health and Human Services**

Kung ikaw ay naniniwala na nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari kang maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights telepono, sa pagsulat, o elektronikong pamamaraan:

- **Sa Telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung ikaw ay hindi makapagsalita o makarinig ng maayos, mangyaring tumawag sa

**TTY/TDD 1-800-537-7697.**

- **Sa Pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o ipadala ang sulat sa:

U.S. Department of Health and Human Services

200 Independence Avenue SW.

Room 509F, HHH Building

Washington, D.C. 20201

Mayroong mga form ng reklamo na available sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- **Elektronikong Pamamaraan:** Bumisita sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

**English:** ATTENTION: If you need help in your language call **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1-888-431-9007** (TTY: **711**). These services are free of charge.

**العربية (Arabic):** انتباه: إذا كنت بحاجة إلى مساعدة بلغتك، فاتصل على الرقم **1-888-431-9007** (TTY: **711**) تتوفر أيضًا مساعدات وخدمات للأشخاص ذوي الإعاقات مثل المستندات بطريقة برايل وبطباعة كبيرة. اتصل على الرقم **1-888-431-9007** (TTY: **711**) وهذه الخدمات مجانية.

**Հայերեն (Armenian):** ՌԻՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե Ձեր լեզվով օգնության կարիք ունեք, զանազանությամբ **1-888-431-9007** (TTY: **711**): Հասանելի են նաև օգնություն և ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, ինչպիսիք են՝ բրայլի և խոշոր տառերով փաստաթղթերը: Չանգահարեք **1-888-431-9007** (TTY: **711**): Այս ծառայություններն անվճար են:

**ភាសាខ្មែរ (Cambodian):** ចំណាំ: ប្រសិនបើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសារបស់អ្នក សូមទូរសព្ទទៅលេខ **1-888-431-9007** (TTY: **711**)។ ជំនួយនិងសេវាកម្មសម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារជាអក្សរធំសម្រាប់ជនពិការ ភ្នែក និងពុម្ពអក្សរធំ ក៏មានផងដែរ។ សូមទូរសព្ទទៅលេខ **1-888-431-9007** (TTY: **711**)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃនោះទេ។

**中文 (Chinese):** 注意: 如果您需要以您母语提供的协助, 请致电 **1-888-431-9007** (TTY: **711**)。我们也为残疾人提供辅助和服务, 例如点字和大字体印刷的文件。请致电 **1-888-431-9007** (TTY: **711**)。这些服务为免费服务。

**فارسی (Farsi):** توجه: اگر نیاز به کمک به زبان خودتان دارید با شماره **1-888-431-9007** (TTY: **711**) تماس بگیرید. کمکها و خدمات برای افراد دارای معلولیت نیز در دسترس است, مانند اسناد با خط بریل و چاپ درشت. با شماره **1-888-431-9007** (TTY: **711**) تماس بگیرید. این خدمات رایگان است.

**हिंदी (Hindi):** ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में मदद चाहिए, तो **1-888-431-9007** (TTY: **711**) पर कॉल करें. विकलांग लोगों के लिए ब्रेल और बड़े प्रिंट में दस्तावेज़ जैसी सहायता और सेवाएं उपलब्ध हैं. **1-888-431-9007** (TTY: **711**) पर कॉल करें. ये सेवाएं नि:शुल्क हैं.

**Lus Hmoob (Hmong):** TSEEM CEEB: : Yog koj xav tau kev pab ua koj hom lus hu rau **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Tsis tas li ntawd, kuj tseem muaj cov kev pab thiab cov kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li cov ntaub ntawv Ua Ntawv Su thiab cov ntawv loj. Hu rau **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

**日本語 (Japanese):** 注意: 言語のヘルプが必要な場合は **1-888-431-9007** (TTY: **711**) までお電話ください。障害をお持ちの方には、点字や大判プリントなどの補助機能やサービスもご利用になれます。 **1-888-431-9007** (TTY: **711**) までお電話ください。これらのサービスは無料です。

**한국어 (Korean):** 주의: 귀하의 구사 언어로 도움을 받으셔야 한다면 **1-888-431-9007** (TTY: **711**)번으로 연락해 주십시오. 점자 및 큰 활자 인쇄 형식으로 된 문서 등 장애인을 위한 도움 및 서비스도 제공됩니다. **1-888-431-9007**(TTY: **711**)번으로 연락해 주십시오. 해당 서비스는 무료로 제공됩니다.

**ພາສາລາວ (Laotian):** ສໍາຄັນ: ຖ້າວ່າທ່ານຕ້ອງການການຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານ ໂທ **1-888-431-9007** (TTY: **711**). ນອກຈາກນີ້ ຍັງມີການຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນ: ເອກະສານທີ່ເປັນຕົວອັກສອນນູນ ແລະ ຕົວພິມຂະໜາດໃຫຍ່ ໂທ **1-888-431-9007** (TTY: **711**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນພຣິ

**Mienh (Mien):** Liouh Eix: Oix se meih oix nongc zuqc gorngv mienh wac daih taengx meih, cingv meih mboqv dienx wac **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Yie mbuo hac haih nongc mienh wac daih taengx waic fangx nyei mienh, hngangv zing mangc mv buac lamh nyei mienh nongc nyei nzangc caux domh nzangc wenh jienx. Cingv meih mboqv dienx wac **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Naiv deix bong zouc gong se maiv siou zinh nyanh nyei.

**ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi):** ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ **1-888-431-9007** (TTY: **711**) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਅਪੰਗਤਾਵਾਂ ਵਾਲੇ ਲੋਕਾਂ ਵਾਸਤੇ ਸਹਾਇਤਾਵਾਂ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬਰੇਲ ਲਿਪੀ ਅਤੇ ਵੱਡੇ ਛਾਪੇ ਵਾਲੇ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। **1-888-431-9007** 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ (TTY: **711**)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

**Русский (Russian):** ВНИМАНИЕ: если вам требуется помощь на родном языке, позвоните по номеру **1-888-431-9007** (телетайп: **711**). Также доступны сопутствующая помощь и услуги для людей с ограниченными возможностями, такие как материалы, напечатанные крупным шрифтом и шрифтом Брайля. Позвоните по номеру **1-888-431-9007** (телетайп: **711**). Эти услуги предоставляются бесплатно.

**Español (Spanish):** ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma llame al **1-888-431-9007** (TTY: **711**). También están disponibles ayudas y servicios para personas con discapacidades, como documentos en Braille y letra grande. Llame al **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Estos servicios son gratuitos.

**Tagalog (Tagalog):** PAALALA: Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, gaya ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Walang bayad ang mga serbisyong ito.

**ภาษาไทย (Thai):** หมายเหตุ: หากต้องการความช่วยเหลือในภาษาของคุณ โปรดโทรไปท **1-888-431-9007** (TTY: **711**) เรามีความช่วยเหลือและบริการสำหรับผู้พิการ เช่น เอกสารที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่ใช้ตัวอักษรขนาดใหญ่ ด้วยเช่นกัน โปรดโทรไปที่ **1-888-431-9007** (TTY: **711**) บริการเหล่านี้ไม่มีค่าใช้จ่าย

**Українська (Ukrainian):** УВАГА! Якщо ви потребуєте підтримки своєю мовою, телефонуйте за номером **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Також доступні засоби та послуги для людей з обмеженими можливостями, як-от документи шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте за номером **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Ці послуги є безкоштовними.

**Tiếng Việt (Vietnamese):** CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của quý vị, hãy gọi số **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Các hỗ trợ và dịch vụ dành cho người khuyết tật, chẳng hạn như tài liệu bằng chữ nổi và cỡ chữ lớn cũng được cung cấp. Hãy gọi số **1-888-431-9007** (TTY: **711**). Các dịch vụ này được miễn phí.